# PAGSUBOK SA ANTAS NG PAG-AARAL SA PANAHON NG COVID-19

*by:*
**Ana Marie C. Salas**
*Administrative Officer II, Culis Elementary School*

Marso 2020, nang nagsimula ang lockdown sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas dahil sa COVID-19 na nakapagpabago sa pang-araw araw na nating nakaugaliang pamumuhay. Nung una ay masaya dahil walang pasok at nagkaraon tayo ng mas maraming oras para sa ating pamilya, panahon para makapagpahinga at gugulin ang ating mga libreng oras sa mga libangan. Ngunit habang tumatagal, nararanasan natin na iba na talaga ang tinatahak nating bagong normal dulot ng pandemya. Ang dating hangarin natin na pahinga mula sa mga trabaho sa paaralan, ngayon ay napalitan na ng mas matinding hangarin na bumalik na talaga sa normal nating pamumuhay na nagtatrabaho tayong naglilingkod sa harapang klase ng mga guro at mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi rin sumasagi sa isip natin na magiging ganito ang mga pangyayari. Akala mo panandalian lamang, yun pala matindi ang kakaharapin nating hamon hindi lamang sa ating trabaho sa paaralan, kung hindi sa kabuhayan at kalusugan ng ating kapwa mamamayan sa buong Pilipinas maging sa buong mundo.

Bilang kabahagi ng kagawaran ng edukasyon, ang pangunahing naapektuhan sa pagbabagong ito ay ang mga pag aaral ng mga bata. Napilitan ang ang mga bata na sumailalim sa iba't-ibang modalidad ng pag-aaral pangunahin ang paggamit ng modyul maipagpatuloy lamang ang kanilang pag-aaral. Dito na nakaisip ng paraan ang DepEd na ipatupad ang modular distance learning gaya ng modyular, TV at Radio-Based Instruction at online classes, para kahit nasa bahay lang ang mga mag aaral ay patuloy silang matuto.

Hindi naging handa ang sinuman lalong higit ang mga batang nahihirapang mag-aral sa ganitong uri ng sariling pagkatuto gayundin ang mga guro, komunidad at mga magulang o kanilang tagapangalaga na tumatayong mga learning facilitators. Kaakibat nito ang napakalaking adjustment o pagsasaayos ng departamento mula sa pagpaplano kabilang na ang pagsusulong ng Learning Continuity Plan upang masiguro lamang na maipagpapatuloy ang ang kalinangan at pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila ng pandemya katuwang ang iba't-ibang mga ahensya na tumutulong sa paaralan gaya ng mga tinatawag nating mga stakeholders. Hindi rin nagkulang ang DepEd sa pagpapatupad ng iba't-ibang mga programa at inobasyon upang matulungan ang mga paaralan, mga magulang at lalong higit ang mga mag-aaral na makaangkop sa mga hamon ng bagong normal.

Bilang pag - iingat sa mga mag aaral pansamantala munang ipinatigil ang pagpasok sa paaralan kaya ang dating Hunyo na palagiang pagbubukas ng klase ay naging Oktubre sa taong panuruan 2020 – 2021 at naging Setyembre nang sumunod na taon. Malawakang ipinatupad sa ating bansa ang distance learning. Ang dating pinakaaabangan ng mga magsisipagtapos at mga batang nagkamit ng karangalan na Graduation at Recognition Day, ay naging virtual na seremonya na lamang. Maging ang mga batang binibigyan ng pagkilala mula sa natatangi nilang ipinamalas na kahusayan sa bawat baitang ngayon ay nawala na alinsunod sa DO_s2020_031 na nagsasaad ng "Pansamantalang Mga Alituntunin para sa Pagtatasa at Pagmamarka" at DO_s2021_018 na batayan ng Pagbibigay ng Mga Gantimpala at Pagkilala sa batay sa Basic Education Learning Continuity Plan para sa School Year 2020–2021 kung saan ang batang magtatapos sa Ikaanim, Ikasampu at Ikalabindalawang na Baitang lamang ang makakatanggap ng mga natatanging pagkilala.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nakakalungkot man ang napakaraming pagbabago pero ito na ang pinakamabuting paraan na naisip ng DepEd habang isinasaalang-alang kung ano ang

makabubuti para sa mga mag-aaral, mga magulang, at maging mga empleyado ng paaralan.

Sa loob ng halos magdadalawang taon ng pag-aaral sa panahon ng pandemya, ang nagsilbing paaralan ng mga mag aaral ay ang kani-kanilang mga tahanan at ang naging pangunahing guro nila ay ang kanilang mga magulang. May mga magagandang hatid ito gaya ng mas nakakasama ng matagal na oras ng mga mag-aaral ang kanilang mga magulang, nakatipid rin ng pera pambili ng baon at pamasahe papunta at pag-uwi galing ng paaralan, at kabawasan sa pagbili ng ilang gamit sa pag-aaral.

Ngunit sa kabila nito ay ang patuloy na pagdagsa ng hinaing ng mga mag-aaral at kanilang mga tagapagturo sa bahay ukol sa pagsagot at pag-intindi ng mga aralin. Dulot ng hindi makaagabay ang karamihan sa distance learning dahil na rin sa hindi lahat ng magulang ay may sapat na kaalaman sa pagtuturo partikular ang mga magulang na hindi rin naman nakapag-aral.  tumaas ang bilang ng mga mag aaral na hindi marunong magbasa at magsulat at halos karamihan ay hindi rin mahasa ang kanilang kaalaman sa matematika. Marami man ang nakakapasa sa mga pagsusulit na ibinibigay ng guro, hindi pa rin kasiguraduhan ito sa kalidad ng pag aaral na nakukuha ng mga bata sapagkat walang katiyakan na ang mga bata mismo ang tanging nagsasagot sa mga ito at hindi ang kanilang mga magulang o kasama mga sa bahay. Napakalaki din ng hamon sa mga guro upang maitaguyod ang bagong modalidad ng pag-aaral, pagdalo sa iba't-ibang pagsasanay upang makaragdag sa kanilang kalinangan sa napakaraming bagay na hinihingi ng panahon, at ang pagkakaroon ng patuloy na komunikasyon at koordinasyon sa mga magulang para pareho nilang mapagtulungan ang mga nararapat na proseso upang maturuan ng maayos ang mga mag aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Napakahalaga ng edukasyon sa tao kung kayat kahit may COVID 19 ay hindi ito magiging hadlang upang bigyan ng magandang kinabukasan ang mga kabataan. Nakatutuwang isipin na kahit paano ay unti-unti nang nagbabalik sa dati ang lahat gaya na lamang ng limited face-to-face classes na kasalukuyang ipinatutupad na sa ngayon.

Batid nating walang kaliwanagan na bumalik tayo ng husto na nakagawian nating buhay sa mga paaralan ngunit sa ibayong pag-iingat, pagkakaroon ng disiplina gaya ng pagsusuot ng face mask, social distancing at palagiang paghuhugas ng kamay o pagdisinfect gamit ang alkohol o hand sanitizer, darating ang panahon na normal na ang pagpasok ng lahat sa paaralan at sama-sama ang lahat sa pagpapatuloy ng edukasyon sa kabila ng pandemya.

*References:*

Jan Alwyn Batara, "Karamihan ng grade 7 students ay hindi marunong magbasa!". https://ph.theasianparent.com/hindi-marunong-magbasa-grade-7

Connor Sloan, Ed.D., "Template ng Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo (2020–21)".https://www.stocktonusd.net/cms/lib/CA01902791/Centricity/Domain/4/SUSD%20Learning%20Continuity%20And%20Attendance%20Plan%202020-2021%20Tagalog.pdf

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan